



Pagpapalawak at Pagpapaganda sa Impraestruktura ng 172nd Ave

Palawakin ang 172nd Ave at magdagdag ng mga lane ng bisikleta at bangketa mula Misty Dr hanggang Maple Hill Ln, magdagdag ng mga signal ng trapiko sa Troge Road at Crossroads Ave, magdagdag ng mga rotongang may maraming lane sa Hemrich Road at sa itatayong panulukan sa 190th Ave, palakihin ang rotonda sa Scouters Mountain Road, magdagdag ng pailaw sa kalye at pagandahin ang mga tawiran.

Ano: Palawakin ang 172nd Ave sa apat na lane para sa pagbiyahe na may pangsentrong halamanan sa gitna at mga lane na maiikutan mula Misty Dr hanggang Maple Hill Ln nang may mga karagdang lane ng bisikleta, nakahilerang tanawin, at bangketa. Pagandahin ang mga pangunahing panulukan kapag nagdagdag ng mga signal ng trapiko sa Troge Road at Crossroads Ave, rotongang may maraming lane sa Hemrich Road, rotongang may maraming lane sa itatayong panulukan sa 190th Ave, at kapag pinarami ang lane ng rotongang may isang lane lang sa Scouters Mountain Road. Kasama na rito ang pagkakaroon ng mga karapatan sa daan, paglipat sa mga kasalukuyang utility sa ilalim ng lupa, pagpapalit ng mga imburnal sa Troge Road, pagsasaayos sa mga tawiran ng tao, at pagdaragdag ng ilaw sa kalye.

Bakit: Upang mabawasan ang pagsisikip ng lansangan, madagdagan ang kaligtasan, makapaglaan ng mga ligtas at magkakadugtong na ruta para sa mga nagbibisikleta at naglalakad, at upang tuloy-tuloy na mapaunlad ang Happy Valley hanggang sa hinaharap.

Iskedyul:

- Disenyo ng proyekto: Taglamig 2023 - Tagsibol 2026
- Karapatan sa daan: Tag-init 2023 - Tagsibol 2026
- Konstruksiyon: Tag-init 2026 - Tag-init 2028

Epekto sa trapiko: Asahang magsasara ng paisa-isang lane sa panahon ng konstruksiyon at magkakaroon ng pagkaantala nang hanggang 20 minuto sa pagitan ng Sunnyside Road at Maple Hill Lane.

Gastos: \$53.3 milyon ang binayaran mula sa Pondo ng City of Happy Valley at sinigil para sa pagpapaunlad ng sistema ng transportasyon ng lungsod/county.

Manatiling updated: Mag-sign up para sa mga update sa email at pagkakataong magbigay ng feedback sa komunidad sa www.clackamas.us/engineering/172nd-ave o kapag na-scan ang code na nasa ibaba.

Tulongan kaming makaugnayan ang mas marami pang tao: Mapapagana nang pinakamabuti ang komunidad kapag magkakaugnay tayo. Pag-isipang ibahagi ang proyektong ito sa iyong mga kapitbahay. Kung kasali ka sa mga partikular na grupo sa komunidad na sa tingin mo ay dapat naming abisuhan, ipaalam ito sa aming tagapamahala ng proyekto! Makipag-ugnayan gamit ang mga detalyeng nasa ibaba.



I-scan para sa website

May tanong o komento? Makipag-ugnayan sa tagapamahala ng proyekto na si Jonathan Hangartner sa 971-804-2825 o Jhangartner@clackamas.us

503-742-4696: ¿Traducción e interpretación? | Требуется ли вам устный или письменный перевод? | 翻译或口译? | Cần Biên dịch hoặc Phiên dịch? | 번역 또는 통역?